# Alay sa Kalikasan Mangrove Reforestation Project

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

Bantayog

Opisyal na Pahayagan ng
Pamahalaang Panlalawigan ng
Camarines Norte

TAON 1, BLG. 7 DAET, CAMARINES NORTE NOBYEMBRE, 2010
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com


Gob. Edgardo A. Tallado

nasa loob

EDITORYAL 4
TRAVELLER'S BLOG 5

## pinangunahan ni Gob. Tallado

Pinangunahan ni Gobernador Edgardo A. Tallado ang kauna-unahan at malawakang Alay sa Kalikasan *Mangrove Reforestation Project* ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte na isinagawa noong Oktubre 10, 2010 sa Purok 4, Brgy. Bagasbas, Daet. Matagumpay itong naisakatuparan dahil sa

(Sundan sa pahina 7)



*1) Si Gob. Egay Tallado na nagtatanim ng punla ng bakawan sa Barangay Bagasbas bilang bahagi ng inilunsad na Alay sa Kalikasan Mangrove Reforestation Project habang nakaalalay naman ang mga opisyal ng Provincial Agricultural Fishery Council (PAFC) at ng Brgy. Bagasbas; 2) si OIC PA Joey Boma na nagsasalita, katabi si SPM Romeo Marmol; 3) si SPM Erwin Lausin na nagtatanim din ng bakawan samantalang nakamasid sina SPM Marmol, Gob Tallado at mga opisyal ng PAFC; 4) si Gob. Tallado na nagpahayag ng kanyang lubos na suporta sa proyekto; 5) Samantala, makikita sa larawang ito ang mga nagsitulong upang maging matagumpay ang inilunsad na proyekto.*

# Livestock Dispersal Program

## patuloy na ipinatutupad

Patuloy na ipinatutupad ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte ang *livestock dispersal program* nito sa ilalim ng administrasyon ni Gobernador Edgardo A. Tallado. Ito ay sa pamamagitan ng *Provincial Veterinary Office (PROVET)* na pinamumunuan ni *ProVet* Edgardo S. Gonzales, *DVM*. Kaugnay nito,

(Sundan sa pahina 2)





# PHO Tech. Div. nag-ulat ng mga nagawa

Inilahad kamakailan ni Dr. Victoria R. Guanio, *Rural Health Physician*, ang mga nagawa ng *Provincial Health Office-Technical Division (PHO-TD)* na kanyang pinamumunuan kabilang na ang pagtulong sa idinaos na *National Philhealth Registration Day* noong Oktubre 2, 2010. Sa pamamagitan nito, maraming mga mahihirap na mamamayan mula sa 12 bayan ng lalawigan ang nakapagpatala at nabigyan ng kaukulang *Philhealth Cards*.

Pinamunuan din ni Dr. Guanio ang *TB Diagnostic Committee Meetings* na ginanap noong Oktubre 6 at 20 kung saan 79 at 44 na pasyente ang naisailalim nila sa kaukulang ebalwasyon, ayon sa pagkakasunod. Isinagawa rin nila ang *Annual Pop Quiz* noong Okt. 12 sa *Department of Education (DepEd) Conference Hall* na nilahukan ng mga mag-aaral sa ika-4 na taon sa hayskul. Nanguna rito ang kalahok mula sa *Moreno Integrated School (MIS)* na siyang magiging opisyal na kinatawan ng probinsya sa *Pop Quiz Regional Competition*.

Nagsagawa rin ang *PHO-TD* ng *health education classes* para sa mga kabataang mag-aaral at mga magulang sa Brgy. Guinatungan, Basud kung saan ang mga *Safeguard soaps* na galing sa *Center for Health Development (CHD)-Bicol* ay ipinamigay nila sa paaralan, *health facility* at *barangay council* sa naturang barangay. Ipinamahagi rin nila ang mga *information education campaign (IEC) materials* na mula naman sa *National Nutrition Council (NNC)*.

Sa pakikipag-ugnayan sa *Philippine Cancer Society, Manila*; at *PLGPMI Camarines Norte Chapter*, pinangunahan din ng *PHO-TD* ang *Pap Smear and Breast Examination* na idinaos sa *Camarines Norte Provincial Hospital (CNPH)* noong Oktubre 21-22 kung saan umabot sa 110 pasyente ang naisailalim sa pagsusuring-medikal.

Noong Oktubre 22, nagkaroon sila ng *consultative meeting* sa mga *municipal dengue coordinators* kung saan tinalakay ang *dengue situation*, *reorganization* at *reactivation* ng *dengue brigade*, pagpapaigting sa kampanya para matukoy ang mga kaso ng *dengue*, at mga pag-iingat para maiwasan ang paglaganap ng *dengue* sa iba't-ibang panig ng probinsya.

Una rito, idinaos ng *PHO-TD* noong Oktubre 8 ang *Dengue Pre-School Project Launching*, at ang *Memorandum of Agreement (MOA) Signing* sa pagitan ng *LGU Daet, DepEd, Department of Health (DOH)* at *PHO* ukol sa nasabing proyekto kung saan *100 insecticide treated nets* ang ipinamahagi nila sa iba't-ibang paaralan.

Nakapaloob din sa kanilang ulat na *23 blood units* ang nakolekta ng *PHO-TD* sa *Mass Blood Donation* na isinagawa nito noong Oktubre 27 sa pakikipagtulungan ng *Camarines Norte Medical Society (CNMS)* at *Philippine Association of Medical Technologists (PAMT)*.

Pinangunahan din ng *PHO-TD* ang paglulunsad ng *"One Nutrition, One Nation" Movement* noong Oktubre 28, 2010 na naglalayong hikayatin ang bawat mamamayan na aktibong makiisa at kumilos sa pagsusulong ng wastong nutrisyon. ***LTI***

# School on the AIR sa Camarines Norte

Inilunsad kamakailan ang programang *School On the Air (SOA)* dito sa Camarines Norte. Ang kauna-unahang pagsasahimpapawid ng programa ay narinig sa istasyon ng radyo na *DZMD* noong Nobyembre 5 alas 10:00-11:00 ng umaga ng taong kasalukuyan.

Layunin nito na ang mga makabagong kaalaman, impormasyon at teknolohiya ukol sa pagsasaka ay malawakang maiparating sa mga magsasaka lalo na sa mga nasa malalayong barangay.

Ang mga paksa na tinatalakay (pinag-aaralan) sa programang *SOA* ay batay sa *Palay Check*. Ang mga paksa ay ipinaliliwanag ng *regular anchorperson* katuwang ang mga *resource persons* na inimbita para magtalakay ng iba't-ibang paksa.

Ang mga inaanyayahang maging tagapagtalakay ay ang mga opisyal at/ó kawani mula sa *Department of Agriculture (DA)*, *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)* at sa ibang ahensiya ng gobyerno na kasama sa pagpapatupad ng *Rice Program* dito sa Rehiyon 5.

Ang mga interesadong mapabilang sa *SOA* ay kailangang magpatala ó magpa-*enrol* sapagkat binibigyan sila ng pagsusulit pagkatapos ng pagtalakay sa bawat paksa. Isinasagawa ito para malaman ang antas ng pagkatuto ng mga *enrollees.* Ang mga natatanging *enrollees* naman ay pipiliin at bibigyan ng parangal batay sa resulta ng kanilang pagsasanay.

Ang programang *SOA* ay isinasagawa sa isang panahon ng taniman na maaaring isahimpapawid tuwing Biyernes simula alas 10:00-11:00 ng umaga sa *DZMD*. Ito rin ay maririnig sa *DWLB FM* Labo at sa Radyo ng Bayan tuwing araw ng Huwebes simula ika- 1:00-2:00 ng hapon.

Lumahok sa *SOA* ang mahigit sa 300 magsasaka na mula sa mga bayan ng Paracale, Labo, Daet, Basud, Vinzons at Talisay.

Ang nasabing *SOA* ay isinasagawa ng *Agricultural Training Institute (ATI) RTC*, Guinobatan, Albay sa pakikipag-ugnayan sa *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)*.

Inaasahan na sa pamamagitan ng *SOA*, matutulungan ang mga magsasaka na maitaas ang produksyon ng kanilang ani at kita kaalinsabay ng pagkakaroon ng kasiguruhan ng suplay ng pagkain dito sa Camarines Norte. ***HELEN B. ABORDO***




# European Union Searca...

(Mula sa pahina 8)

*honon MRC Farmers Association (Input Assistance)*; at Coastal – *Mercedes Fish Processors Association-Fish Processing (Multi Tunnel Solar Dryer)*.

Ang *KII* at *FGD* ay isinagawa sa layuning matukoy ang mga salik at inisyatibong nakatulong sa maayos na implementasyon ng iba't-ibang proyekto sa ilalim ng *EU-FPAVAS*, ang mga naging balakid at posibleng maging problema sa hinaharap lalo't higit ang pagbuo ng mga plano at hakbangin para mabawasan hindi man lubusang maiwasan ang mga problemang kaakibat sa implementasyon nito. *LT IBASCO*

# Livestock dispersal...

(Mula sa pahina 1)

aabot sa 111 kambing ang nakatakdang ipamahagi sa mga kwalipikadong benepisyaryo ng *Goat Dispersal Program* na pinunduhan mula sa *20% development fund*.

Sa ilalim ng programa, ang kwalipikadong benepisyaryo ay pagkakalooban ng 2 babaeng kambing kung saan 4 na babaeng anak na edad 5 buwan ang ipambabayad nila sa pamahalaang panlalawigan. Ang ibabayad nila ay paaalagaan naman sa iba, at ang proseso ay paulit-ulit na gagawin. Sa ganitong paraan, darami ang mga kambing at mas maraming mahihirap na kababayan natin ang mabibigyan ng karagdagang mapagkakakitaan.

Bago isinagawa ang pamamahagi, ang mga benepisyaryo ay pinadalo muna sa 1-araw na *Training on Modified Goat Dispersal Program* na ginanap kamakailan sa *Audio-Visual Production Center (AVPC), 3rd floor, Provincial Capitol Annex*, Daet. Ang nasabing aktibidad ay pinangasiwaan ng mga opisyal at kawani ng *PROVET* na pinamumunuan ni *Provincial Veterinarian* Edgardo S. Gonzales, *DVM.*

Ang mga paksang tinalakay at naging tagapagsalita/tagapagsanay sa 1-araw na *training/seminar* ay ang mga sumusunod: *Breeds and Breeding Management* (Lahi at Pagpapalahi) – *Agriculturist I* Rolando V. Baranda; *Housing Management and Pasture Development* – *Agricultural Technician I* Samuel O. Villagen; *Feeding and Nutrition* (Tamang Pagpapakain at Nutrisyon) - *Agriculturist II* Aquilino Z. Aloc; *Animal Health* (Kalusugan ng mga Alagang Hayop) – *Supervising Agriculturist* Ronaldo U. Diezmo, *DVM*, at *Insurance Policies*, at *Dispersal Policies and Guidelines* – Aida A. Miraña, *Agriculturist II* at *Provincial Livestock Dispersal Officer*.

Dumalo sa pagsasanay ang may 42 katao na nagmula pa sa iba't-ibang barangay ng Lalawigan ng Camarines Norte na nais na mapabilang sa nasabing *dispersal program.* Sila ay pinagkalooban ng katibayan ng pagdalo.

Sa nabanggit na 111 na kambing, 108 ay mga

(Sundan sa pahina 3)

# Trak huli ng Governor's Task Force Bantay Aggregates

Isang trak na may kargang buhangin at bato ang hinuli ng mga tauhan ng *Governor's Task Force Bantay Aggregates* sa Brgy. San Pedro, Sta. Elena, Camarines Norte noong Nobyembre 11, 2010.

Ang may-ari ng trak na may plakang RER 655 ay napag-alamang walang kaukulang permiso mula sa Tanggapan ng Gobernador para kumuha at magbiyahe ng buhangin at bato na isang paglabag sa Panlalawigang Ordinansa Blg. 09-92.

Ayon sa salaysay ng drayber ng trak na nagngangalang Rolando B. Rodriguez ng Brgy. Sumulong, Calauag, Quezon, ang kargang buhangin at bato ay kinuha sa Basiad River sa Brgy. San Pedro, Sta. Elena, Camarines Norte.

Ang may-ari naman ng nahuling trak ay pinagbayad ng kaukulang multa alinsunod sa itinatadhana ng nabanggit na panlalawigang ordinansa. ***(GCB)***

# Mga mamumuhunan nasa lalawigan ngayon

Dumating kamakailan sa lalawigan ang grupo ng mga mamumuhunan na nagpakita ng interes na magtayo ng iba't-ibang negosyo rito sa Camarines Norte.

Sila ay malugod na tinanggap ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado sa kanilang pagbisita. Ito ay sa pamamagitan ng isang *welcome ceremonies* na isinagawa sa *Provincial Capitol Front Lobby* na dinaluhan ng mga opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan.

Ang grupo ng mga mamumuhunan ay nagtungo sa Bagasbas Beach kung saan sinamahan sila ng gobernador at ni *OIC Provincial Administrator* Joey G. Boma, ilang matataas na opisyal ng pamahalaang panlalawigan, at ilang punong bayan.

Pagkatapos nito, nagtungo rin sila sa iba pang lugar na may malaking potensyal sa pagnenegosyo.

Matatandaan na ang naturang grupo ay nagtungo rito sa paanyaya ng *Camarines Norte Investment Promotion Center (CNIPC)* na pinamumunuan ni *Museum Curator I/ Investment Promotion Officer-Designate* Abel C. Icatlo.

Sila ay nagpakita ng interes sa industriya ng pagmimina ng ginto rito sa Camarines Norte gayundin sa industriya ng pinya, pag-debelop sa Bagasbas at sa *hydro-electric power generation*. Binigyan na rin sila ng kopya ng *investment profile* para sa kanilang angkop na kaalaman, impormasyon at positibong aksyon.

Isinusulong ng administrasyon ni Gob. Tallado ang mga kahalintulad na inisyatibo sa layuning magkaroon ng katuparan ang kanyang bisyon na maging ***1st class province*** ang Camarines Norte mula sa kasalukuyang ***2nd class level*** nito. Ito ay paunang hakbang lamang ng gobernador para pasiglahin ang sektor ng pagnenegosyo/pamumuhunan sa lalawigan na inaasahang maghahatid ng mas maraming oportunidad sa trabaho at negosyo, at maitaas ang koleksyon ng buwis na makatutulong sa pagunlad ng ekonomiya ng Camarines Norte, at mga mamamayan nito. **LT IBASCO**

# CNPH akreditado ng PHIC bilang Center of Safety;
## iba't-ibang serbisyo nito inilahad

Ang *Camarines Norte Provincial Hospital (CNPH)* ay isang *tertiary hospital* na akreditado ng *Philippine Health Insurance Company (PHIC)* bilang *Center of Safety*.

Kinikilala ang *CNPH* bilang isang *tertiary hospital* dahil nagtataglay ito ng mga pangunahing *medical equipment* na kailangan upang matugunan ang pangangailangang medikal at pangkalusugan ng mga mamamayan ng Camarines Norte at mga kalapit na probinsya nito. Ito rin ay nakapagbibigay ng *pediatric*, *general medicine*, *surgeries*, at *intensive care services*. Gumagawa rin ito ng mga lathalain/ anunsyo ukol sa *mga state-of-the-art medical procedures and technologies* na malawakang ipinamamahagi para sa kaalaman at gabay ng publiko.

Samantala, dahil sa patuloy na pagdagsa ng mga pasyente na nagpapagamot sa *CNPH*, hindi na sapat ang bilang ng mga doktor, narses, *laboratory staff* at *x-ray personnel* para mapaglingkuran ang mga maysakit.

Dahil dito, si Gober-

*(Sundan sa pahina 7)*

# Livestock dispersal program ...

***(Mula sa pahina 2)***

babae na nagkakahalaga ng P4,500.00 bawat isa; at 3 ang lalaki na tig-P8,000.00 ang halaga bawat isa na may kabuuang halaga na P510,000.00.

Kaugnay nito, ang unang serye ng pamamahagi ng mga kambing ay isinagawa noong Nobyembre 11, 2010. Umabot sa 30 babaeng kambing ang naipagkaloob sa may 15 kwalipikadong benepisyaryo nito na mula sa mga barangay ng Sto. Domingo, at Calangcawan Norte sa bayan ng Vinzons, at Malangcao-Basud sa bayan ng Labo ó tig-5 benepisyaryo bawat barangay.

Samantala, umabot naman sa 22 biik ang ipinamahagi sa ilalim ng *Modified Swine Dispersal Project* na nagmula sa *Provincial Nursery*, Basud, Camarines Norte. Sa nasabing bilang, 17 ay babae, at 5 ang lalaki.

Ito ay ipinamahagi sa mga kwalipikadong benepisyaryo mula sa mga barangay ng Canapawan, Calabasa at Malibago sa bayan ng Labo; Maulawin, Sta. Elena; Napilihan, Vinzons; Calintaan, Talisay, at Batobalani at Tawig sa bayan ng Paracale.

Sa ilalim ng nasabing programa, isang *dispersal* ng babae ó lalaking baboy ang matatanggap ng bawat benepisyaryo. Kung babae ang natanggap, 2 babaeng biik na may edad na isa at kalahating buwan ang magiging kabayaran/balik sa pamahalaang panlalawigan na paaalagaan naman sa mga kwalipikadong aplikante. Ang proseso ay paulit-ulit na gagawin para mas dumami ang biik na maipamamahagi, at mas marami ang matulungan ng programa.

Kapag lalaking biik ang tinanggap bilang patabaing baboy, ang halaga ng nasabing biik na tinanggap ay babayaran kapag naibenta na nila ito. Ang tanging babayaran ng resipiyente pagkatanggap ng biik ay ang *insurance* ó paseguro na nagkakahalaga ng isandaan at anim na piso (106.00). Ang hayop ay isinisiguro ng benepisyaryo pabor sa pamahalaang panlalawigan bilang proteksiyon sakaling mamatay ang alagaing baboy.

Sa kabuuan, umaabot na sa 170 ang naipamahaging biik simula ng manungkulan si Gobernador Tallado. ***EDNA G. LASIM/*** *Administrative Aide VI*


# Reproductive health, family planning program
## ipinatutupad sa pamamagitan ng Population Management Program

Ang *Population Management Program (PMP)* ay isa sa mga programang ipinatutupad ng pamahalaang panlalawigan sa pamamagitan ng *Provincial Health Office-Technical Division (PHO-TD)*. Layunin nito na makatulong na maiangat ang kalidad ng buhay ng mga mamamayan sa pamamagitan ng *reproductive health*. Ang pagkakaroon ng ideyal na bilang ng populasyon na tugma sa pinagkukunang-yaman at kondisyong pangkapaligiran ay mahalaga para mabawasan ang antas ng kahirapan at hindi pantay-pantay na oportunidad ng mga tao sa pagunlad.

Saklaw din ng *PMP* ang *Reproductive Health* at *Family Planning Programs* na nagbibigay ng impormasyon at serbisyo sa mga mag-asawa at indibidwal man para gamitin ang kanilang karapatan na mamili ng paraan sa pagkontrol at/ ó pagpaplano ng pamilya. Isinusulong din nito ang *Adolescents' Health* at *Youth Development* para matulungan ang mga nagbibinata/ nagdadalaga at mga kabataan na mahubog ang kanilang wastong pagpapahalaga/pananaw ukol sa sekswalidad; pagpaunlad ng kanilang pagtingin sa: pamilya, kasarian, *reproductive health*, kapaligiran at pangkalahatang kagalingan. Itinataguyod din nito ang integrasyon (pagsasama-sama) ng mga salik ng populasyon sa pagbuo ng planong pangkaunlaran partikular na sa paggawa ng mga polisiya at programa, pangangalaga sa kapaligiran at panlahatang interbensyong pansosyo-ekonomiko ng pamahalaan.

Kaugnay nito, iniulat ni *Helen* E. Marqueses, RN ng *PHO-TD* ang iba't-ibang aktibidad na ipinatupad nila sa ilalim ng *PMP*. Nangunguna rito ang kanilang *population education campaign (PEC)* sa mga barangay at paaralang sekondarya sa lalawigan kung saan sobra sa inaasahang bilang ang dumalo. Isinagawa nila ito upang maipaalam sa mga estudyante at mga kabataan ang iba't-ibang problema at hamong kinakaharap ng mga nagbibinata/ nagdadalaga, at ang mga paraan para makaiwas. Ang mga paksang tinalakay sa *PEC* ay ang mga sumusunod: *population situation*; mga pag-

*(Sundan sa pahina 7)*




# EDITORYAL

## Wanted: Mga Bagong Bayani

Sa Nobyembre 30 ay gugunitain ng bansa ang kagitingan ni Andres Bonifacio, isa sa mga dakilang bayani ng bansa.

Bagama't si Dr. Jose P. Rizal ang itinuturing natin na nangungunang martir, marami ang nagsasabing sa katapangan at pagiging makabayan ay hindi pahuhuli si Gat Andres Bonifacio. Dangan nga lamang at si Rizal ang inilagay na pinakauna sa pantyon ng mga bayani sapagkat pinili niya ang mapayapang paraan ng pakikibaka laban sa mga Kastila. Si Bonifacio, sa paningin ng mga Kano, ay marahas at hindi karapatdapat na halimbawa para sa mga nagnanais ng pagbabago.

Ang ating bansa ay nasa krus na daan. Munting pagkakamali sa pagpili ng patutunguhan ay maaaring magbunga ng siphayo. Ito ang panahon na kailangan nating magsakripisyo para sa kagalingan ng nakararami. Idagdag pa natin diyan ang determinasyon at ang pagkakaisa upang lalong maging matatag ang republika.

Kung iisipin ay mapalad ang Pilipinas sapagkat hindi tayo dumaan sa apoy ng pagsubok tulad ng nangyaring digmaang-sibil sa mga bansang Amerika, Rusya, Pransya, at iba pang lahi na kung saan dumanak ang dugo para lamang matutunan ang kahalagahan ng pagkakaisa. Ngunit sa isang banda, may nagsasabi na ang apoy ng gyera-sibil ang nagpatibay sa bigkis ng pagkakaisa upang ang mga bansang nabanggit ay makabuo ng isang matibay na nasyon.


Itinuturing na isang magandang leksyon ang EDSA 1, ngunit dahil sa kakulangan ng pait at walang nabuhos na dugo ay madali nating nalimutan ang mensahe ng pagkakaisa na dapat ay natutunan natin mula sa apat na araw na iyon kung saan ang Pinoy ay hinangaan sa buong mundo.


Kailangan natin ang mga bagong bayani na handang isakripisyo ang lahat para sa ikatatatag ng ating nasyon. Maging sinuman ó anuman ang papel na ginagampanan natin sa lipunan - manggagawa, propesyunal, akademiko, relihiyoso, kawal, ó simpleng mamamayan - kailangan ng katapangan, kagitingan, at pagkamakabayan upang maging bayani sa munting paraan na ating makakayanan. Ikaw, ako, tayo—kaya natin ito!

# Camarines Norte Historical Firsts


First Rizal Monument


JOMAPA


"BINTAO"


Justo R. Lukban

The people of Camarines Norte takes singular pride in the fact that the very first Rizal Monument was erected in Daet in 1898. Rightfully so, because not only is it a monument to honor our national hero. It is also a testament to the nationalist and patriotic sentiments of our own forefathers who lived during those turbulent years of the Philippine Revolution.

There are actually many other firsts in the history of Camarines Norte. They show that the province was not a mere bystander to the great events that shaped the Filipino nation, but an active participant and contributor to them.

The following historical facts are reasons for the people of Camarines Norte to take greater pride in their province and in themselves:

**1.The First Resistance to the Spanish Conquest of the Bicol Peninsula** was by the native inhabitants of Paracale and Mambulao (now Jose Panganiban town). They refused to submit to the first expedition led by Conquistador Juan de Salcedo in 1571, and fought against the subsequent expedition sent by Governor-General Francisco de

(Sundan sa pahina 6)

# Local PACT networking/planning meetings isinagawa para sa pagdiriwang ng IDAHT


*Ang isinagawang PACT networking at planning meeting na pinamahalaan ni CAO IV Purita P. Briñas na dinaluhan ng iba't ibang samahan na pinag-usapan ang isyu ng human trafficking, ang pagpapaliwanag sa "Access to Justice" bilang tema ng taon, at ang pagpaplano para sa pagdiriwang ng International Day Against Human Trafficking, at plano para sa taong 2011 ng bawa't grupo ó samahan.*

Isinagawa kamakailan ang serye ng pakikipag-ugnayan sa lahat ng mga *government stakeholders* na kinabibilangan din ng mga NGOs at *academe* para sa pagpaplano ng pagsasagawa ng isang malawakang paggunita sa pag-aproba ng *Palermo Protocol* ó ang *Protocol to Prevent, Suppress and Punish Trafficking in Persons, especially Women and Children* na ginanap sa Palermo, Italy kung kaya't nagkaroon din ng pagdedeklara ng *International Day Against Human Trafficking* tuwing December 12 ng bawa't taon.

Kaugnay nito, sa pangunguna ng pamahalaang panlalawigan sa pamamagitan ng todo-todong suporta ni Gov. Edgardo A. Tallado at ng *Philippines Against Child Trafficking – Camarines Norte Cluster* na kapwa nagtutulungan sa kampanya sa pagsugpo ng

(Sundan sa pahina 6)

Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

**EDITORIAL BOARD:** Governor Edgardo A. Tallado, Chairman; Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator Jose G. Boma, Vice Chairman; PDIC-PIA, CAO IV Purita P. Briñas, Atty. Ludivina G. Francisco, Private Secretary/Tourism Officer Designate, DWCN-FM Stn. Manager Rikki Vito, and Museum Curator I Abel C. Icatlo , members.

**EDITORS:** Purita P. Briñas, executive editor; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Engr. Wilson V. Porcincula, art/design.

***OFFICIAL PHOTOGRAPHER*** – Luigi Martin P. Querubin.

***CIRCULATION*** - Marcial P. Ferrer


***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:*** OPAg-Melinda L. Jerez; ProVet-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte; PTO-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra; PEO -Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza; PPDO-Marilyn P. Asis; MASCD-G.O.- Aida B. Pandeagua; GSO-Gina B. Racelis, PBO-Estela P. Adorna; SP-Josephine Q. Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-G.O.—Dario C. Dime; PCSSD-PGII Virgel T. Zantua; PAssO-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor; PLO-Donna A. Guevarra; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimene & Lilian Rafon; PSEMO-Arnel S. Ferrer, Ernesto R. Andaya.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Development Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahilingan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.



by Atty. Debbee Francisco

# NorthPhil Tourism and Travel Expo

Ang *Department of Tourism (DOT) Regional Offices-Regions* 1,2,3 at ang *Cordillera Autonomous Region (CAR)* kasama ang Central Luzon Tourism Council (CELTOUR) at ang *Philippine Exhibits and Themeparks Corporation* ay itinaguyod ang ***North Philippines Tourism and Travel Expo***. Ito ay isinagawa noong Nobyembre 12-14, 2010 sa *Event Centre, SM City Clark, Clark Freeport Zone*, Pampanga. Sa pamamagitan nito, ipinakita na ang pagkakaiba-iba sa kultura, tradisyon at indibidwalidad ay maaaring pagsama-samahin para makabuo ng perpektong diwa ng aesthetic

Ang ***NORTHPHIL EXPO*** ay isang nangungunang tanghalan ng mga sektor ng paglalakbay at turismo *(travel and tourism)* na nagbibigay ng taun-taong oportunidad sa mga taga-industriya na ipakita ang kanilang mga produkto at serbisyo sa mas malawak na merkado sa kalakalan sa pagbibiyahe sa Hilagang Pilipinas.

Lumahok sa nasabing okasyon ang iba't-ibang probinsya sa bansa gayundin ang ating lalawigan ng Camarines Norte na nakiisa sa pamamagitan ng *Provincial Tourism Office* na aking pinamumunuan.

Nakibahagi tayo sa gawain sa layuning maipabantog ang iba't-ibang serbisyo at lugar-panturismo ng ating lalawigan. Kasama na rin dito ang hangaring mapatatag ang samahan at pakikipagkaibigan sa iba pang *exhibitors*, isponsor, at mga imbitadong panauhin. Upang higit na maipakilala ang ating lalawigan, namahagi kami ng mga *brochures* sa lahat ng bumisita sa aming *booth* gayundin sa mga nagdaraan lamang.

Sa ikalawang araw, ang inyo ring lingkod na si *Atty.* Ludivina Francisco ay ipinakilala at iprinomote ang Camarines Norte sa isang luncheon meeting na dinaluhan ng lahat ng mga kalahok sa naturang *expo*.

Sa pamamagitan ng isang *video clip*, ang magagandang tanawin gayundin ang mayamang kultura at tradisyon ng ating lalawigan ay ipinakilala ng Provincial Tourism Office sa mga nakiisa sa nabanggit na 3-araw na gawain. Karamihan sa mga taga-Hilagang Luzon at iba pang lugar sa bansa na dumalo sa *expo* ay nagpahayag ng paghanga nila sa dalisay/natural na kagandahan ng ating lalawigan.

Kahit na ito ang unang pagsali namin sa NorthPhil Expo, masasabi namin na matagumpay ang nasabing Expo. Nakatanggap kami ng napakaraming magagandang puna mula sa mga nakapanood ng video clip na nagkaroon ng interes na mapuntahan ang mga kaakit-akit na tanawin dito sa lalawigan upang maranasan nila ang mga kahanga-hangang katangian na iniaalok nito.

Ito ang isa sa mga bisyon at hangarin ng ama ng Camarines Norte, Gobernador Edgardo A. Tallado, ang maipakilala ang ating probinsya at gawin itong isa sa mga pangunahing destinasyon na pupuntahan ng mga dayuhan at lokal na turista, gawin itong popular para makapaghatid ng karagdagang hanapbuhay sa ating mga kababayan, at dagdag na buwis sa kaban ng pamahalaaan.

Kaya, halina sa aming probinsya at masdan ninyo ang magagandang lugar dito! Huwag na kayong magatubiling magtungo rito para madama ninyo ang magiliw na pagtanggap at pakikitungo namin sa aming mga panauhin, at sa gayon ay maranasan ninyo ang mga hindi malilimutang alaalang inihahandog nito. ***Come now! COME TO CAMARINES NORTE.***

# Pamahalaang panlalawigan nakiisa sa ika-76 anibersaryo ng Pambansang Linggo ng mga Aklat





Pinangunahan ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado at kanyang maybahay na si Gng. Josie V. Tallado ang pamimigay ng mga libro at *school supplies* sa mga mag-aaral sa elementarya at hayskul sa lalawigan simula Nobyembre 22-26, 2010.

Ito ay bilang pakikiisa ng pamahalaang panlalawigan sa selebrasyon ng ika-76 anibersaryo ng Pambansang Linggo ng mga Aklat *(National Book Week* o *NBW)* noong Nobyembre 24-30, 2010 na nakatuon sa temang: "Pambansang Pakikipag-Ugnayan sa Pamamagitan ng mga Aklat at Impormasyong Teknolohiya at Komunikasyon".

Maliban sa naturang pamamahagi ng mga libro at *school supplies*, isinagawa rin ng *Office of the Governor-Library Services Division (G.O.-LSD)* ang mga sumusunod na gawain: Nob. 22 - *opening program* at Kwentuhan; Nob. 23-24 – *film showing* – 'Basura', at 'Kurapsyon'; Nob. 24 – *on-the-spot logo design contest*; Nob. 25 – *storytelling contest*, at Nob. 26 – *awarding* at *closing ceremonies*.

Sa idinaos na *logo design contest*, ang likhang-disenyo ni Jeana Waverly T. Riberta ng *Camarines Norte National High School (CNNHS)* ang nanalo sa naturang patimpalak sa ilalim ng patnubay ng kanyang guro-tagasanay na si Gng. Romerlita Defeo-Mañebo. Ang ikalawa at ikatlong puwesto naman ay nakuha nina Emmanuel H. Burgos ng Moreno Integrated School (MIS), at Paolo P. Gerero ng *Mabini Colleges (MC)* na ginabayan ng kani-kaniyang tagapagsanay na sina G. Boy V. Cainto, Jr., at Ms. Gwen A. Dans, ayon sa pagkakasunod.

Nanguna naman ang *San Felipe National High School (SFNHS)* sa *storytelling contest (group presentation)* na nagsanay sa ilalim ng pagsubaybay ni Gng. Lea Cabarle-Tolentino. Nakuha ng MC ang ikalawang puwesto sa gabay ng tagapagsanay na si G. Ernesto M. Obing, at pumangatlo ang *Alawihao National High School (ANHS)* na nagsanay sa patnubay nina Frances May P. Nillo at Jeny S. Abiera.

Ang mga kaukulang gantimpalang salapi, tropeyo/medalya at sertipiko ay tinanggap ng mga nanalo sa nabanggit na awarding at closing ceremonies na isinagawa sa *Camarines Norte Provincial Library (CNPL)*. Naging panauhin din dito ang maybahay ng gobernador na si Gng. Josie V. Tallado.

Samantala, ang *19th Library and Information Services Month* na may temang: *"International Librarianship: A Path Ahead"* ay ipinagdiwang dito kaalinsabay ng *NBW celebration*. Ito ay taun-taong itinataguyod ng *Philippine Librarians Association, Inc. (PLAI)* susog sa *Presidential Proclamation No. 837* noong 1991. Ang tema ngayong taon ay nabuo ng *PLAI* sa pakikipagtulungan sa *National Commission for Culture and the Arts (NCCA)* at sa *National Library of the Philippines (NLP)*. Binibigyang-diin nito ang mahalagang papel ng mga aklatan sa pagpapalaganap ng mga impormasyon at pagpapayaman ng kaisipan ng mga mambabasa.

Ang 2-nabanggit na pambansang okasyon ay resulta ng *Proclamation 696* at *Proclamation 109* na pinagtibay nina dating Pangulong Manuel L. Quezon, at *American High Commissioner* Frank Murphy. Ang *Library and Information Services Month* din ay ipinagdiriwang sa bisa ng *Presidential Proclamation No. 837* noong 1991 na layuning mabigyang-diin ang mahalagang papel ng mga aklatan sa pagpapalaganap ng mga impormasyon at pagpapayaman ng kaisipan ng publiko.

Isinagawa ang magkaalinsabay na selebrasyon sa hangaring alisin sa isipan ng mga mamamayan ang lumang paniniwala/

(Sundan sa pahina 6)






# Camarines Norte Historical Firsts...


Laniton Landmark

(Mula sa pahina 4)
Sande in 1576.

**2.The First Bikolano Priest** was Bachiller Don Gregorio Cabalquinto from Paracale, Camarines Norte. He was ordained in 1706 and spent 47 years of his life in the priesthood.

**3.One of the First Organizers and members of the La Solidaridad** was the great patriot Jose Maria Panganiban who was born in Mambulao, Camarines Norte in February 1863. He was not only genius of a writer, but was also a very eloquent orator and much admired by his peers in the Propaganda Movement.

**4.The First Mason Lodge in Bicol** was co-founded in 1894 by Juan Miguel, a native of Camarines Norte, who became its first Worshipful Master. Masonry played a major role in the growth of nationalism among the Bicolanos. In 1897, Juan Miguel and six other prominent men of Camarines Norte, namely, Adriano Pajarillo, Pablo del Villar, Ramon Cabezudo, Gregorio Luyon, Diego Liñan and Florentino Peñalosa, were arrested and imprisoned by the Spaniards for their nationalist activities.

**5.The First Katipunan Organized in Bicol** was in Camarines Norte. It had its beginning as early as 1894 and was formally organized in November 1987 by Ildefonso Moreno, a prominent resident of Daet.

**6.The First armed uprising against the Spaniards in the Bicol Region** occurred in Daet and spread to other towns of Camarines Norte. The Daet Revolt was waged by the local Katipuneros from April 13-18, 1898. Although it was short-lived, the uprising signaled the beginning of the end of Spanish colonial rule in the Bicol Region.

**7.The First Revolutionary General in Charge** of the military operations against the Spaniards in Southern Tagalog, Bicol and the Visayas was General Vicente Lukban who was born in Labo, Camarines Norte, in February 1860. During the Filipino -American war, he was responsible for the Balangiga Massacre in Samar where a company of American occupation forces was almost wiped out by Filipino fighters.

**8.The First Elected Mayor in Manila** was Dr. Justo Lukban, another native of Labo, Camarines Norte. Earlier in 1898, he was appointed by Emilio Aguinaldo as a member of the Malolos Assembly to represent Ambos Camarines, particularly Camarines Norte. His son, **Jose Lukban, became the First Director of the National Bureau of Investigation (NBI).**

**9.The First Filipino Governor of Ambos Camarines** during the American regime was Don Juan Pimentel of Daet, Camarines Norte.

**10. The First TRAMWAY (TRANVIA) in Bicol,** if not in the entire Philippines, was built in Camarines Norte in 1903. It ran from the Poblacion of Daet to the port of Barra, now the town of Mercedes.

**11. The First Bus Company Operating in Bicol** was the A.M. Allen Transportation Company or ALATCO which started and was based in Daet, Camarines Norte.

**12. The First Province with Regular Plane Service** was Camarines Norte. In 1930, the Philippine Aerial Taxi Company or PATCO started its regular flights from Manila to Paracale. **The First PAL FLIGHT** was also from Manila to Bagasbas in Daet, Camarines Norte.

**13. The First Water System in Bicol** was constructed in Camarines Norte long before the outbreak of World War II.

**14. The First Guerilla Unit** to be organized in World War II was the Vinzons Guerilla. It was headed by Governor Wenceslao Q. Vinzons whose second-in-command was the rugged and fearless fighter Francisco "Turko" Boayes.

**15. The First Encounter** between the Japanese forces and a resistance group during the World War II took place in sitio Laniton in Basud, Camarines Norte, where the men of Governor Vinzons ambushed the advance troops of the Japanese occupational forces in Bicol.

**16. The First Major Success** of the resistance movement during the World War II was accomplished by the Vinzons Geurilla. In April-May, 1942, without any external assistance, they retook Daet and six other towns of Camarines Norte from the Japanese forces. No other guerilla unit accomplished a similar feat, particularly at that early stage of the Japanese occupation of the Philippines.

**17. The First National Artist of the Philippines** is the great painter Fernando Amorsolo. He was born in 1892 and grew up in Daet, Camarines Norte, whose rustic beauty and sceneries inspired him in his early paintings.

**18. The First Filipino Film Producer and Director to Gain International Recognition** was Manuel (Urbano) Conde of Camarines Norte. His film Genghis Khan won an award in the Cannes Festival in the 1950's.

There must be surely being other events giving the province of Camarines Norte such historical distinction. Indeed, most recently, the **First Lady Commissioner** ever appointed to head the very important Bureau of Internal Revenue (BIR) is a daughter of Daet, **Liwayway Vinzons Chato**.

# Pamahalaang panlalawigan nakiisa sa...

(Mula sa pahina 5)
kaisipan na ang aklatan ay isang lugar na pinamamahayan ng mga agiw at alikabok. Sa katunayan, ang imahe nito ay unti-unting nababago at nagiging tila *convenient store* kung saan ang mga produkto/kalakal ay agarang makakuha. Sa kabila ng patuloy na paglaganap ng *digital technology*, ang mga aklatan ay nananatiling repositoryo/sisidlan ng kaalaman at karunungan; imbakan ng kasaysayan, kultura at tradisyon ng bansa, at kasama sa pagbibigay sa mga mag-aaral at propesyonal ng mga kaukulang impormasyon para sa kanilang mga aralin at iba't-ibang pananaliksik. ***LT IBASCO/dario dime***

# Local PACT ...

(Mula sa pahina 4)
*Human Trafficking* sa Camarines Norte, nagsidating sa pagpupulong ang mga *socio-civic organizations* tulad nina JCI Bulawan *Executive Vice President* Nodessa King at *VPI* Ma. Shiela King, Kiwanis *Club* of Reina Daeteña *President* Amelita J. Yago, JCI Kabihug *Treasurer* Arnold Glenn P. King at mga kasamahan, JCI Labo Niogan *President* Cheryl Gacho-Mago, *Soroptimist International of Daet Pres. -elect* Mercedes M. Juan, *Asst. Prov'l Prosecutor* Athena Oco-Boado, mga nasa *academ,e* at marami pang ibang *stakeholders*.

Inilahad ng bawa't NGO ang maaari nilang isagawa na akma sa nasabing pagdiriwang tulad ng Poster-making Contest na *sponsor* ang Kiwanis Club of Reina Daeteña; Pamaskong Handog sa mga *Disabled Persons (PWDs)* kaalinsabay ng *Hour of Prayer* at *Candle-lighting Ceremony* sa Disyembre 12, 2010 na ang *sponsor* ay JCI Bulawan sa pamamagitan ni President Eliza Llovit; *Symposium* naman at *Film-showing* sa Disyembre 13 ang napiling isagawa ni JCI Kabihug *President* Henry King, Jr.; at ang JCI Labo Niogan Pres. Mago naman ay magbibigay na lamang ng halagang P3,000.00 bilang pinansyal na tulong, samantalang ang Area 1 naman ay napiling isagawa ang mga *symposia* tungkol sa *human trafficking* at mga kaugnay na batas para sa proteksyon ng mga kabataan at sa mga karapatan nito, kabilang na rin ang pagpapaliwanag sa temang: "*Access to Justice*" na gaganapin sa limang (5) lugar na may nauna nang kahilingan nito.

Samantala, sa pagpupulong naman ng *Area 3* na pinamumunuan ni *Area Convenor* Conrado A. Rempillo, ES 1 *in charge of Makabayan*, napili nilang magsagawa na lamang ng mga pa-*contest* sa Disyembre 13 na hihingin niyang pondohan ng PACT ang mga *cash prizes* nito. Pinagplanuhan nila kung papaano maisasagawa ito nang maayos na magkakaroon ng partisipasyon ang kahit na mga pampribadong paaralang sekondarya at nagbuo rin ng mga komitiba at iba pang pamamaraan upang mas mapaganda at maging maayos ang selebrasyon ngayong taon.

Sa bahagi naman ng Area 2 na pinamumunuan ni PSWDO Lorna C. de Claro, napili nilang isagawang muli ang isang *advocacy parade* at *program* sa Central Plaza Mall Atrium upang muling mapaigting at maipakalat ang kampanya laban sa *human trafficking*. Sa pakikipag-ugnayan sa iba pang PACT areas dito, at sa pakikipagtulungan ng mga ahensya ng pamahalaan kabilang na ang mga sosyo-sibikong samahan, isasagawang mas malawakan ang nasabing pagdiriwang na layuning madaluhan ng lahat na ang magiging tampok ay ang pagdalo ng magiging panauhing pandangal dito - si Mrs. Universe-Intelligence 2010 Engr. Ma. Muriel Moral-Pandi na kabilang sa JCI Labo Niogan Jaycees.

Samantala, ang nakapagpalakas sa panawagan para sa malawakang suporta sa mga gawaing ito ay ang pagpapalabas ni Gob. Tallado noong Nobyembre 11, 2010 ng Executive Order No. 2010-39 na nag-aatas para sa isang panlalawigang pagdiriwang ng *International Day Against Human Trafficking* sa Disyembre 12, 2010 sa pamamagitan ng pagsabit ng mga istremer at pagsagawa ng iba pang akmang gawain.

# Alay sa kalikasan...

*(Mula sa pahina 1)*

aktibong pakikipagtulungan ng *Provincial Agricultural and Fishery Council (PAFC)*.

Lumahok sa naturang gawain ang humigit-kumulang sa 700 opisyal at kawani mula sa pamahalaang panlalawigan, mga pamahalaang lokal, pambansang ahensya, pribadong tanggapan, mga mag-aaral, samahan ng mga mangingisda, samahang panrelihiyon, at mga opisyal ng Brgy. Bagasbas. Umabot sa may 5,000 *mangrove propagules* ang naitanim nila sa nabanggit na 1-ektaryang bakawanan.

Ang proyekto ay aktibo ring sinuportahan ng *Municipal Agricultural and Fishery Council (MAFC)*, *Barangay Agricultural and Fishery Council (BAFC)*, *Municipal Fisheries and Aquatic Resources Management Council (MFARMC)*, at mga Pamahalaang Bayan ng Basud, Daet, Mercedes, Talisay, at Vinzons.

Maliban sa pagtatanim, nagkaroon din ng *orientation-briefing* kung saan binigyang-diin ang kahalagahan ng proyekto, at tinalakay rin ang tamang pagtatanim at pangangalaga sa mga *mangrove propagules*. Binigyang-diin din dito na ang *barangay council* kasama ang samahan ng mga mangingisda sa Brgy. Bagasbas ang siyang mangangalaga sa nabanggit na *Mangrove Reforestation Project*, at magbibigay ng ulat sa kalagayan ng proyekto sa tuwing magpupulong ang *PAFC*.

Isinulong ni Gob. Tallado ang nasabing proyekto upang ipakita na seryoso ang Pamahalaang Panlalawigan sa kampanya nito na sugpuin ang iligal na pangingisda sa lalawigan. Ito ay isang mabisang paraan upang maitimo sa kamalayan ng mga mamamayan lalo na ang mga nasa *coastal areas* na dapat silang makibahagi sa pangangalaga lalo na sa karagatan na pangunahin nilang pinagkukunan ng kanilang kabuhayan.

Muli ring hinikayat ng gobernador ang lahat ng mamamayan dito na aktibong makiisa at kumilos sa pagsagip at pangangalaga sa ating kalikasan. ***MELINDA L. JEREZ***

# CNPH akreditado ng PHIC...

*(Mula sa pahina 3)*

nador Edgardo 'Egay' A. Tallado ay kumuha ng 57 *job order workers* na itinalaga bilang *nurses, laboratory aides, x-ray technician* at *clerks* na nagkakaloob ng kani-kanilang serbisyo sa mga pasyente sa abot ng kanilang kakayahan. Kasama rin sa bilang ang ilang *utility workers* na siyang nagpapanatili ng kalinisan, at mga gwardya na tumitiyak sa kaayusan at katahimikan sa *CNPH*.

Ang *CNPH medical social worker* naman ay walang sawang naglilingkod sa mga mahihirap na pasyente na humihingi ng tulong-medikal. Masarap at masustansya rin ang mga pagkaing inihahanda ng *dietary services* nito para sa mga pasyente ng ospital.

Lagi ring nakahanda ang ambulansya ng ospital para agad maibyahe ang sinumang pasyente na kailangang mailipat sa ibang pagamutan alinsunod sa *hospital policy* ukol dito.

Marami nang pasyente ang nabigyan ng *CNPH* ng libreng gamot, *x-ray* at *ultrasound services*, at libreng *laboratory examinations*. Dahil dito, halos ubos na ang P27M na pondo nito para sa *Medical Assistance Program for Indigents* CY 2010.

Sa layuning mas mapahusay ang pasilidad at serbisyo ng pampublikong pagamutan, ang *CNPH Maintenance Section* ay patuloy na nagkukumpuni ng mga silid ng ospital. Naglagay rin ng isang tangke ng tubig *(Best Tank)* upang matiyak ang tuluy-tuloy na daloy ng tubig sa ospital.

Bilang karagdagan, ang iba't-ibang departamento ng *CNPH* para sa buwan ng Oktubre 2010 ay nagbigay ng kani-kanilang serbisyo. Ang *Out-Patient Department (OPD)* nito ay nakapagsilbi sa may 2,196 pasyente.

Ang *Medical Records Section* nito ay nakapaghanda ng 845 na sertipikasyon/katibayan *(certificates)* gaya ng mga sumusunod: *birth* – 319; *medical* – 233; *death* – 26; *medico-legal* - 249; *fetal (foetal) death* – 9, at iba pa *(rape cases)* – 9.

Umabot naman sa 4,846 *in-patients* ang nakakuha ng gamot mula sa *CNPH Pharmacy Section* kung saan 2,500 ay *charity patients*; 1,042 ay *medicare patients*, at 1,304 ay *pay patients*. Nakapagbigay rin ito ng gamot sa may 1,721 *out-patients*; 61 *pay patients* gayundin sa 1,004 *charity patients* na may kabuuang bilang na 2,786.

Nakapagbigay ito ng *dietary services* sa may 4,690 pasyente kung saan 1,814 ay *medicare patients*, 199 *private patients*, at 2,677 *charity patients*. Umabot naman sa 10,665 na iba't-ibang *laboratory exams* ang naisagawa ng *laboratory services section* para sa mga *in* at *out-patients*. Ang *dental services section* naman ay nakapagbigay ng libreng bunot ng ngipin sa may 198 pasyente. May 733 *in* at *out-patients* ang nabigyan nito ng *x-ray*, at 152 *ultrasound examination services* ó kabuuang 885 pasyente. Sa ilalim ng *medical social services*, 284 pasyente ang nabigyan ng *full charity*; at 282 naman ang *partial pay/charity*.

Samantala, umabot naman sa P2,311,537.62 ang kabuuang koleksyon ng *CNPH Billing Section* para sa buwan ng Oktubre 2010 kung saan umabot sa 498 *Philhealth members* ang naipasok (*confined*) sa ospital sa nasabing panahon.

Bilang karagdagan, nais ipabatid ng pamunuan ng *CNPH* sa mga mamamayan na maraming pagbabagong isinagawa sa ating panlalawigang pagamutan. Kabilang dito ang pagbibigay ng *watcher's pass* sa bantay ng mga pasyente, at ang pagtatalaga sa oras ng pagdalaw sa pasyente. Higit sa lahat, ang mga batang wala pang 7 taong gulang ay bawal na isama sa pagdalaw sa pagamutan para maiwasan na sila ay makakuha ng nakahahawang sakit, at mapangalagaan ang kanilang kalusugan. ***OLIVIA RAÑADA***

# 6th KEC isinagawa...

*(Mula sa pahina 8)*

Rivera; *Revolutionizing eGovernment Service Delivery through the CeC: The Siay Success Story* – Mayor Julius T. Acosta; *Market Place of Ideas for Solution Providers* – Dr. Elizabeth Y. Manugue; eHealth Session: *eHealth as a Sustainability Model for CeCs – Dr.* Wei Siang Yu, *founder, Fly Free for Health.com*; *eHealth Technologies for CeCs* – Mr. Ashok Chandavarkar, *Intel Technology India*; *How can CeCs be a Platform for Health Information Exchange* – Dr. Pura Angela Wee, *coordinator, eHealth Services, National Telehealth Center, UP* Manila; *Citizen/Community Participation* – Mr. Reshan Dewapura; *Business Process Outsourcing Livelihood Opportunity thru Work at Home Parents (WHAP) Community Participation* – Mayor Danilo E. Dalid, Tigbao, Zamboanga del Sur; *Market Place of ideas/Networking* – Dr. Elizabeth Y. Manugue, *Entrepreneurship/Agriculture* – Luz Firmalino, *Director for MIS, DOST-PCARRD*, at *Energy and Environment* – Dr. Angelo Juan O. Ramos, *chairman, Philippine CeC Network, Inc.*

Naging pinakatampok na aktibidad sa unang araw ng komperensya ang *general assembly* na pinangasiwaan ni Dr. Ramos. Isinagawa rito ang pagpresenta sa katitikan *(minutes)* ng huling pangkalahatang kapulungan *(last general assembly)* gayundin ang *progress* at *financial reports*. Idinaos din dito ang eleksyon ng mga *sectoral representatives* kung saan ang mga nahalal ay pumili ng kanilang pangkalahatang pinuno.

Bilang karagdagan, ang naturang komperensya ay isinagawa sa hangaring mapagsama-sama ang mga *CeC/telecenter managers* at *stakeholder groups*; mapatatag ang potensyal ng mga kasalukuyang *CeCs* para makapagbigay ng mas maraming serbisyo sa komunidad tungo sa kanilang pagsasarili *(self-sufficiency)*; makaangkop sa komunidad na kanilang pinagsisilbihan, at maging mabisang kasangkapan para ang mga *underdeveloped communities* ay makalahok at mabigyang-kapangyarihan.

Layunin din nito na makapagbahagi sila ng kani-kanilang istratehiya, serbisyo at karanasan bilang suporta sa mga bagong *CeCs*. Ito rin ay isang oportunidad para magkaroon ng diyalogo at *networking* sa pagitan ng mga *CeC stakeholder groups*, at mapatatag ang kanilang relasyon at pagkakaisa.

Isinagawa rin ang *6th KEC* para makalahok ang mga *CeC stakeholder groups* sa *2nd General Assembly of the Members of Philippine Community eCenter Network*, at makasali sa paghalal ng mga bagong opisyal para sa *Executive Council*. ***LT IBASCO***

# Reproductive health...

*(Mula sa pahina 3)*

babago at paghamon sa panahon ng pagdadalaga/pagbibinata; *sex, sexuality* at *fertility awareness*; mga pangangailangan at problema ng mga nagbibinata/nagdadalaga; *10 Ways to Say "NO" to SEX*; mga panganib na hatid ng maagang pagbubuntis; *adolescents' nutrition*, at pagiging responsableng magulang.

Itinaguyod din ng *PHO-TD* ang *Population Quiz (Pop Quiz)* ngayong taon na idinaos sa *Department of Education (DepEd) Conference Hall* noong Oktubre 12, 2010. Ito ay nilahukan ng mga mag-aaral na nasa ika-4 na taon na ng hayskul. Ang nanguna sa nasabing taunang patimpalak ang naging kinatawan ng Camarines Norte sa *Regional Pop Quiz*.

Maliban sa mga nabanggit, iniulat din ni Marqueses na isinagawa nila ang *Rationalization Planning Activities* noong Agosto 9-13, at Oktubre 26-29, 2010; *Nutrition Program Implementations* sa mga buwan ng Enero, Marso at Abril 2010; *Local Government Unit (LGU) Finance Management Programs and Activities* noong Hulyo 27-30, at ang *Parents' Education Seminar on Adolescents Health and Youth Development* na idinaos noong Hulyo 24-26, 2010.

Tuluy-tuloy rin ang implementasyon nila ng *Population Management Program (PMP)* na sinusuportahan ng administrasyon ni Gobernador Edgardo A. Tallado. Ito ay sa layuning mapalawak ang *population education campaign* gayundin ang pagsubaybay sa mga programa at proyekto ng mga *LGUs* na aktibong sumusuporta sa *PMP*. ***LT IBASCO***





*Pinangasiwaan ni Exec. Asst. IV/ Joey G. Boma (ikatlo mula sa kanan ang pagtanggap sa dumating na suplay ng mga pataba na ipamamahagi sa mga pineapple farmer-beneficiaries. Nakatuwang niya rito sina Ms. Francia Pajares, focal person, at G. David Abogado.*

# European Union Searca Mission Team
## bumisita sa mga proyekto na pinunduhan nila

Dumating kamakailan sa Camarines Norte ang *European Union-SEARCA Mission Team (EU-SEARCA MT)* para sa kanilang *Evaluation Mission on EC-Food Production Assistance to Vulnerable Sector (EC-FPAVAS)* na isinagawa nila simula Nobyembre 8-11, 2010. Pangunahin sa kanilang *itinerary of travel* ang *courtesy call* kay Gobernador Edgardo A. Tallado malugod naman silang tinanggap.

Ito ay sinundan ng maikling pag-uulat ng mga *field staff* ukol sa progreso ng implementasyon at pangangalap ng mga dokumento at ulat ukol sa nabanggit na proyekto.

Isinagawa naman nila sa ikalawang araw, Nob. 9, ang *key informant interview (KII)* para sa mga *Provincial Project Management Unit (PPMU) manager* at *staff, focal person* at *LGU implementers*.

Kinabukasan, Nob. 10, idinaos ang *key informant interview* at *focused group discussion (FGD)* para sa mga *upland pineapple farmer beneficiaries* gayundin ang pamamahagi ng pataba *(fertilizers)* sa mga *pineapple farmer beneficiaries* sa bayan ng San Lorenzo Ruiz. Sinaksihan din ng *EU-SEARCA Mission Team* ang *groundbreaking* ng *Organic Fertilizer Processing Center* na itatayo sa Brgy. Calasgasan, Daet; at ang *communal irrigation system (CIS) project turn-over* sa Brgy. Mambalite, Daet.

Ginanap naman noong Nob. 11, huling araw ng ebalwasyon ng grupo, ang *KII* at *FGD* para sa mga sumusunod na proyekto: *Aquaculture –Mambalite Fishpond Owners and Caretakers Association (Mudcrab Project); Lowland – Mambalite Irrigators Association (CIS Project)*, at Ga-

(Sundan sa pahina 2)

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte
TAON 1, BLG. 7 DAET, CAMARINES NORTE NOBYEMBRE, 2010
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

# 6th KEC isinagawa para mapatatag ang mga CeCs
## at makatulong sa pagpapaunlad ng mga komunidad




Photo Grab from: www.philcecnet.ph




Photo Grab from: www.philcecnet.ph

***1) Naging panauhing tagapagsalita si Maria Teresa M. Camba, head, Philippine CeC Program and Director, National Computer Center (NCC)-Field Operations Office sa okasyon ng 6th Knowledge Exchange Conference on Community eCenters (KEC on CeCs). 2) Si Sec. Ivan John Uy, chairman ng Commission on Information and Communications Technology (CICT) habang nagbibigay ng kanyang keynote address sa naturang kumperensya na taun-taong isinasagawa.***

Dumalo si *Community Affairs Officer IV* Purita P. Briñas sa *6th Knowledge Exchange Conference on Community eCenters (KEC on CeCs)* na idinaos noong Nobyembre 24-25, 2010 sa *Cebu Parklane International Hotel, Cebu City*.

Naging tampok na tagapagsalita *(keynote speaker)* sa okasyon si Maria Teresa M. Camba, *head, Philippine CeC Program and Director, National Computer Center (NCC)-Field Operations Office*.

Nagbigay naman dito ng *keynote address* si *Sec.* Ivan John Uy, *chairman, Commission on Information and Communications Technology (CICT)* na pinangunahan din ang paglulunsad ng *Philippine CeC Roadmap 2011-2016*. Ito ay sinundan ng *Telecentre Women Campaign Launch and Presentation* na pinangasiwaan ng *telecentre.org.Foundation*.

Samantala, ang mga paksa at naging tagapagtalakay sa 2-araw na komperensya ay ang mga sumusunod: *e-Governance and the CeC Model: The Era of Digital Opportunities for Local Communities* – Angelo Timoteo M. Diaz de

(Sundan sa pahina 7)